# Ano Ang Kailangan Mo Upang Kumpletohin Ang Aplikasyon Para sa Tulong sa Mga Gastos sa Plano ng Medicare Prescription Drug (De-resetang Gamot ng Medicare)

2008

Nagtutulungan ang Social Security at Centers for Medicare & Medicaid Services upang maikuha ka ng karagdagang tulong sa iyong mga gastos sa de-resetang gamot. Upang malaman kung maaaring kwalipikado ka para sa karagdagang tulong na ito, kailangang malaman ng Social Security ang iyong kita at ang halaga ng iyong savings, investments (mga pamumuhunan) at real estate [ari-arian] (maliban sa iyong tahanan). Upang maging kwalipikado para sa karagdagang tulong:

- Ang iyong taunang kita ay dapat hanggang $15,600 para sa isang tao ($21,000 para sa mag-asawang magkasamang naninirahan).
- Kahit na mas mataas ang iyong taunang kita, maaaring makakuha ka pa rin ng kaunting tulong sa iyong mga buwanang primyun, mga taunang deductible, at mga kabahaging bayad sa de-resetang gamot. Ang ilang mga halimbawa kung saan ang iyong kita ay maaaring mas mataas ay kung ikaw o ang iyong asawa ay:
  —Nagbibigay-suporta sa ibang mga kapamilya na nakatira kasama mo;
  —May mga kita mula sa trabaho; o
  —Nakatira sa Alaska o Hawaii; at
- Ang iyong pera/mga pag-aari ay dapat hanggang $11,990 para sa isang tao ($23,970 para sa mag-asawang magkasamang naninirahan). Kabilang sa pera/ari-arian ang mga bagay tulad ng mga account sa bangko, stocks at bonds. **Hindi** namin itinuturing na pera/ari-arian ang iyong tahanan at sasakyan.

## Ano ang dapat mong malaman

Ilista ang mga bagay na pag-aari mo mismo, pag-aari mo at ng iyong asawa o pag-aari mo at ng iba, ngunit huwag isama ang iyong tahanan, mga sasakyan, mga libingan o kaya mga personal na ari-arian.

Rebyuhin ang lahat ng iyong kita.

Ipunin muna ang lahat ng iyong mga rekord upang mas madali itong gawin.

Tandaan na ang worksheet na ito ay **hindi** isang aplikasyon. Makakatulong ang worksheet na ito sa iyo sa pagkumpleto ng tunay na aplikasyon para sa karagdagang tulong.

## Ang mga dokumentong makakatulong sa iyo na maghanda bago ka mag-umpisa ay ang mga sumusunod:

- Mga statement na nagpapakita ng iyong balanse sa account sa mga bangko, mga credit union o ibang mga institusyon ng pananalapi;
- Mga statement ukol sa investment (pamumuhunan);
- Mga statement ng polisa para sa life insurance (seguro sa buhay);
- Mga sertipiko sa stock (sapi);
- Mga tax return;
- Mga sulat tungkol sa paggawad ng pensiyon; at
- Mga payroll slip.

## Paano ka makakakuha ng karagdagang impormasyon

Kung kailangan mo ng porma ng aplikasyon, kontakin ang Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**) at hilingin ang *Application for Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs [Aplikasyon para sa Tulong sa Mga Gastos sa Plano ng De-resetang Gamot ng Medicare]* (SSA-1020). Maaari ka ring mag-aplay nang online sa ***www.socialsecurity.gov***.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga plano ng Medicare sa de-resetang gamot at sa mga espesyal na panahon para sa enrollment, tumawag sa **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**); TTY **1-877-486-2048**) o bisitahin ang ***www.medicare.gov***. Masasabi rin sa iyo ng Medicare ang mga ahensiya sa iyong lugar na makakatulong sa iyo sa mga plano ng Medicare sa de-resetang gamot.

***Mangyaring magpatuloy sa kabilang panig ng pahina upang kumpletohin ang worksheet.***

Kailangan namin ng impormasyon tungkol sa kita at pera/mga pag-aari mo (at ng iyong asawa, kung ikaw ay may asawa at magkasama kayong naninirahan):

| Pangalan | Numero ng Social Security |
|---|---|
| ______________________ | ______________________ |

| Pera/Mga Pag-aari | Halaga |
|---|---|
| Mga account sa bangko, kabilang ang checking, savings at mga sertipiko ng deposit | $ ______________ |
| Stocks, bonds, savings bonds, mutual funds, mga indibidwal na account ng pagreretiro (mga IRA) o ibang mga investment (pamumuhunan) | $ ______________ |
| Pera sa tahanan o kahit saang lugar | $ ______________ |
| Mga polisa para sa life insurance para sa iyo (at iyong asawa, kung may asawa at magkasamang naninirahan) | $ ______________ |
| ***PAUNAWA:*** *Kailangang malaman ng Social Security kung gaano karaming pera ang makukuha mo* ***kung kinuha mo ngayon (cash in) ang makukuha mo mula sa iyong mga polisa sa life insurance****. Tanungin ang iyong kompanya ng seguro o ahente upang makuha ang wastong halaga nito sa pera. Maaaring mas kaunti ito kaysa sa halaga para kung saan ikaw ay naka-seguro.* | |
| Alinmang ibang real estate maliban sa iyong tahanan | $ ______________ |

| Kita | Buwanang Halaga |
|---|---|
| Mga Benepisyo sa Social Security | $ ______________ |
| Mga benepisyo sa Railroad Retirement | $ ______________ |
| Veterans benefits | $ ______________ |
| Iba pang mga pensiyon o annuities | $ ______________ |
| Alimony | $ ______________ |
| Netong kita sa pagpapa-upa | $ ______________ |
| Workers' compensation | $ ______________ |
| Tulong mula sa ibang tao upang bayaran ang mga gastos sa tahanan, tulad ng pagkain, mortgage o renta, heating fuel o gas, koryente, tubig at mga property tax | $ ______________ |
| Mga sahod | $ ______________ |
| Mga netong kita mula sa sariling empleyo | $ ______________ |
| Iba pang kita | $ ______________ |

Maaari kang magpatulong sa iba kapag nakikipagtalakay ka sa Social Security. Makikipagtulungan kami sa iyo at gayon din sa taong iyon.

www.socialsecurity.gov

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10128-TL
What You Need To Complete The Application For Help With Medicare Prescription Drug Plan Costs
June 2008